REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

# KAPASIYAHAN BILANG 91-213

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG LAANG-GUGULIN SA OPERASYON NG MUNTINLUPA POLYTECHNIC COLLEGE MULA SA PAUNANG PUHUNAN (SEED CAPITAL) NA PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NA HALAGANG LIMANDAANG LIBONG PISO (P500,000.00) AT ANG KINITA (INCOME) NG KOLEHIYO MULA SA MGA MATRIKULA (TUITION FEES) NG MGA MAG-AARAL NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANG DAAN APATNAPU'T TATLONG LIBO, DALAWANG DAAN SIYAMNAPU'T SIYAM NA PISO AT PITUMPU'T LIMANG SENTIMO (P243,299.75) O SA KABUUANG HALAGA NA PITONG DAAN APATNAPU'T TATLONG LIBO, DALAWANG DAAN SIYAMNAPU'T SIYAM NA PISO AT PITUMPU'T LIMANG SENTIMO (P743,299.75) PARA SA MGA GAWAIN, LAYUNIN AT PANGANGAILANGAN NG NASABING KOLEHIYO.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, sa isang lumalaking pamayanan tulad ng Bayan ng Muntinlupa, ang pagkakaroon ng isang kolehiyo ay nararapat para sa dumadaming mga mag-aaral na nagsisipagtapos mula sa mga mataas/sekondarya na paralan na nasa loob ng bayan;

SAPAGKAT, lubhang dumadami ang mga kabataan na mag-aaral sa Bayan ng Muntinlupa na nagtapos sa mataas/sekondarya na paaralan subalit hindi makapagpatuloy ng kolehiyo o bokasyonal na kurso man lamang dulot ng kasalatan ng pananalapi;

SAPAGKAT, tungkulin ng pamunuan ng pamahalaang bayan na mapagkalooban ng mabuting edukasyon sa kanyang nasasakupan sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga institusyong pangkaalaman tulad ng Muntinlupa Polytechnic College na may kuwalidad at mataas na antas ng pagtuturo bagama't may higit na kababaan ang matrikula kung ihahambing sa ibang malalaking kolehiyo sa Kamaynilaan;

SAPAGKAT, ang binabanggit na laang-gugulin ay lubhang kailangan para sa kapakinabangan ng kolehiyo para sa maayos na operasyon nito tulad ng pagbili ng mga kagamitan at kasangkapan, pasahod sa mga guro't kawani ng kolehiyo at iba pang makabuluhang gastusin sa pangangasiwa ng kolehiyo;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan ang kapasiyahan na pinagtitibay ang laang-gugulin sa operasyon ng Muntinlupa Polytechnic College mula sa paunang puhunan (seed capital) na pinagtibay ng Sangguniang Bayan na halagang Limangdaang Libong Piso (P500,000.00) at ang kinita (income) ng kolehiyo mula sa mga matrikula (tuition fees) ng mga mag-aaral na nagkakahalaga ng Dalawang Daan Siyamnapu't Tatlong Libo, Dalawang Daan Siyamnapu't Siyam na Piso at Pitumpu't Limang Sentimo (P243,299.75) o sa kabuuang halaga na Pitong Daan Apatnapu't Tatlong Libo, Dalawang Daan Siyamnapu't Siyam na Piso at Pitumpu't Limang Sentimo (P743,299.75) para sa mga gawain, layunin at pangangailangan ng nasabing kolehiyo.

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA, sa kanilang pang 169th regular na pulong na ginanap ngayong ika-2 ng Setyembre 1991 sa Bulwagan ng People's Center.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang. Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts